



PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGLALABAS: Agosto 10, 2021

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Aaron Richardson, 415.760.0242

Distrito ng Hangin, inilunsad ang kauna-unahang indoor na programa para sa pag-filter ng hangin para sa mga pinakamadaling maapektuhang residente ng Bay Area

Poprotektahan ng programa ang mga madaling maapektuhang residente mula sa mapaminsalang usok na dulot ng wildfire

SAN FRANCISCO – Nakikipagtulungan ang Air District sa Panrehiyong Pamamahala sa Pag-iwas sa Hika (Regional Asthma Prevention Management), o RAMP, na isang proyekto ng Institusyon ng Pamublikong Kalusugan para magbigay ng mga portable na unit para sa pag-filter ng hangin sa mga residenteng may mababang kita na na-diagnose na may hikang hindi nakokontrol nang maayos na naka-enroll sa Proyekto para Maiwasan ang Hika ng estado para makatanggap ng mga serbisyo sa pangangalaga ng hika sa bahay.

Sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa RAMP, magbibigay ang Air District sa 2,000 indibidwal na nakatira sa county ng Alameda, Contra Costa, San Francisco, San Mateo, Sonoma, at Santa Clara ng mga portable na indoor na unit para sa pag-filter ng hangin sa bahay.

“Dumarami ang wildfire sa rehiyon at ang mga residenteng may hika ang ilan sa mga pinakamadaling maapektuhan ng usok,” sabi ni Jack Broadbent, ang tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Ang pakikipagtulungan namin sa RAMP ay magbibigay sa mga residenteng ito ng mga unit para sa pag-filter ng hangin, at makakatulong para mabawasan ang mga pagpunta sa emergency room kapag hindi maganda ang kalidad ng hangin.”

“Dahil sa pagbabago ng ating klima, mas lumalaki at nagiging mapaminsala ang mga wildfire na naghahatid ng usok sa buong rehiyon,” ayon sa Supervisor ng County ng Santa Clara na si Cindy Chavez, na siya ring chair ng Lupon ng Mga Direktor ng Air District. “Ang pagtutulongan ng Air District/RAMP ay isang hakbang tungo sa pagprotekta sa kalusugan ng ilan sa mga pinakamadaling maapektuhang residente sa ating rehiyon, at nagbibigay ng natatanging oportunidad para direktang makaugnayan ang mga indibidwal na may hikang hindi nakokontrol nang maayos.”

Napili ang Center para sa Pamamahala ng Programa sa Kalusugan ng Sierra Health Foundation para pangasiwaan ang proyekto. Ipapamahagi ang mga unit para sa pag-filter ng hangin sa pitong nonprofit na organisasyon, provider ng pangangalagang pangkalusugan sa komunidad, departamento ng kalusugan, at organisasyon ng pinapamahalaang pangangalaga sa Bay Area na nabigyan ng pondo sa pamamagitan ng Proyekto para Maiwasan ang Hika sa California, na isang pambuong-estadong proyekto para sa pagbibigay ng mga serbisyo sa pangangalaga ng hika sa bahay.

Ang programa ay may mga pagbisita sa bahay, kaalaman, at pamamagitan sa kapaligiran kaugnay ng hika na naaangkop sa kultura at wika. Sa pakikipagtulungan sa tuluy-tuloy na pagsisikap na ito, layunin ng Air District na tiyaking hindi lang may access ang nasabing madaling maapektuhang populasyon sa mga unit na ito para sa pag-filter ng hangin - na isang napakahalagang instrumento para mabawasan ang mga epekto ng usok na dulot ng wildfire - pero nabibigyan din ang mga nasabing indibidwal ng gabay sa kung saan dapat ipuwesto, paano gamitin, at paano imentina ang mga unit sa panahong ito ng wildfire at sa mga wildfire sa hinaharap.

Ang usok na dulot ng wildfire ay puwedeng magkaroon ng mga agarang epekto sa kalusugan at mag-trigger ng paghinga nang may tunog sa mga may hika, emphysema, (Chronic Obstructive Pulmonary Disease, COPD), o iba pang kundisyon sa baga. Makakaginhawa sa mga residente, kapag may usok na dulot ng wildfire, ang pagkakaroon ng kuwarto sa kanilang bahay na may mas malinis na hangin na gumagamit ng portable na unit para sa pag-filter ng hangin.

Kapag may wildfire, talagang tunay at matindi ang nagiging epekto ng polusyon sa hangin, pati sa mga taong walang dati nang medikal na kundisyon. Makakakita sa www.baaqmd.gov/wildfiresafety ng mga tip para sa paghahanda sa wildfire, rekomendasyon sa kalidad ng hangin para sa mga paaralan, impormasyon sa data ng kalidad ng hangin, at iba pa.

Makakakita ng higit pang impormasyon tungkol sa Programa ng Pag-filter ng Hangin sa Bahay sa: https://www.baaqmd.gov/~/media/files/communications-and-outreach/publications/fact-sheets/asthma-mitigation-FAQ_final_080521r_web%20pdf.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

#

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)